

ANG KALUSUGAN NG

PANINGIN AT MATA NG IYONG ANAK

Ano ang dapat mong malaman tungkol sa mga pagsusuri ng mata ng mga bata sa Alberta.

Ang mga komprehensibong pagsusuri ng mata ay hindi lamang basta pagtutukoy kung ang mga bata ay nakakakitang mabuti. Mahalagang bahagi rin ang mga ito ng kanilang pangkalahatang kalusugan. Sasagutin ng Alberta Health ang gastos ng mga pagsusuri ng mata para sa mga bata hanggang sila ay maging 19 na taong gulang.

Ano ang isang Optometrist?

- Ang iyong Optometrist ay isang pangunahing tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa mata.
- Sinusuri ng mga Optometrist kung gaano ka kahusay ang paningin mo.
- Sinusuri, ginagamot, at nagrereseta ang mga Optometrist ng mga gamot at tumutulong na pigilan ang mga sakit at karamdaman sa mata.

Kailan dapat magkaroon ng pagsusuri sa mata ang mga bata?

- Ang mga sanggol at mga Batang Paslit: Unang pagsusuri ng mata sa pagitan ng **6 at 9 na buwan**.
- Bago Pre-school na Bata: Isa o higit pang pagsusuri sa pagitan ng **2 at 5 taon**.
- Mga Batang nasa Paaralan: Taunang mga pagsusuri ng mata sa pagitan ng **Kindergarten at hanggang sila ay maging 19 na taon**.

Bakit dapat ipasuri ang mga mata ng bata kahit sila ay napakabata pa?

- Maraming mga problema sa paningin ang mahirap matuklasan nang walang komprehensibong pagsusuri sa mata.
- Mas maagang matukoy ang isang problema sa kalusugan ng mata o paningin, mas malaki ang posibilidad na maitama at magamot ito.

Ano ang ginagawa ng isang Optometrist sa panahon ng isang komprehensibong pagsusuri ng mata?

- Nirerepaso ang kasaysayan ng kalusugan at paningin ng iyong anak.
- Tinitingnan kung gaano kahusay ang kanilang paningin.
- Nagsusuri para sa maraming mga kondisyon ng mata kabilang ang pagiging 'near-sighted,' 'far-sighted,' 'astigmatism,' 'lazy eye,' pagkaduling at koordinasyon ng mata.
- Nagsasagawa ng isang panloob at panlabas na pagsusuri ng kalusugan ng mata.

Paano kung nakapasa ang aking anak sa screening ng pagtingin o pagkakita?

- Mahigit sa 43% ng mga bata na may problema sa paningin o kalusugan ng mata ay maaaring makapasa sa isang panimulang screening ng paningin o pagkakita.
- Ang mga bata ay maaaring may isang mata na gumagawa ng karamihan ng trabaho, na nagkukubli ng katotohanan na ang kabilang mata ay hindi gumagana nang maayos. Kapag hindi ginamot, ito ay maaaring permanenteng makapagpahina ng paningin ng iyong anak.
- Maraming mga problema sa mata ang walang mga sintomas at bihirang kumikirot.

Eye See...Eye Learn™

- isang programa na nagbibigay sa mga estudyanteng kindergarten ng isang komprehensibong pagsusuri ng mata mula sa isang Optometrist, na sasagutin ng Alberta Health. Kung kinakailangan, ang mga estudyanteng kindergarten ay makakatanggap rin ng isang libreng pares ng salamin sa mata.



Bakit mahalaga ang Why is Eye See...Eye Learn™ ?

- Mahalagang tugunan ang mga problema sa kalusugan ng mata at paningin bago magsimula sa paaralan ang mga bata.
- 80% ng pag-aaral ay sa pamamagitan ng paningin.
- 1 sa 4 na batang nasa paaralang ay may hindi natuklasang problema sa paningin.

Sino ang maaaring sumali?

- Eye See...Eye Learn™ ay available para sa lahat ng estudyanteng kindergarten sa Alberta.
- Ang mga bata ay kuwalipikado mula Agosto hanggang sila ay magsimula ng grade one.
- Ang mga libreng salamin sa mata ay ibibigay sa mga estudyanteng kindergarten na nakatanggap ng isang reseta mula sa isang Optometrist.



Paano ako makakasali?

- Humanap ng isang kuwalipikadong Optometrist sa optometrists.ab.ca at magpa-book ng appointment para sa iyong anak.
- Dalhin ang iyong anak sa isang komprehensibong pagsusuri ng mata. Ihanda ang kanilang Alberta Health card!
- Kung kailangan, ang iyong anak ay makakatanggap ng isang libreng pares ng salamin sa mata.

Alberta
Association
of Optometrists



Samahan ng mga
Optometrist ng
Alberta

780-451-6824 o TF 1-800-272-8843

optometrists.ab.ca/esel

esel@optometrists.ab.ca